

Kagawaran ng Edukasyon
Araling
Panlipunan 10
Globalisasyon
Ikalawang Markahan – Unang Linggo



Henry Ablig

Aurora M. Castillo

Anabel B. Sincero

Manunulat

Mark Joseph C. Fernandez

Tagasuri

Aileen C. Penaranda

Layout

Edwin C. Abalos at Mariel Eugene L. Luna

Katibayan ng Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN


Isang maganda at mapagpalang araw sa ating lahat. Sa linggong ito, panibagong landas ng kaalaman ang ating sama-samang tatahakin. Umaasa ako na magiging bukas ang inyong isip sa pagtuklas ng mga bagong karunungan at ating matutuklasan sa araling ito.

Tayo na! Sabay-sabay nating tunghayan ang mga kaalamang inihanda sa inyo sa modyul na ito. Lubos akong umaasa na kayo ay magkakaroon ng kasanayang masuri ang dahilan, dimensyon at epekto ng globalisasyon.

Aralin at Sakop ng Modyul

Aralin 1 – Globalisasyon: Konsepto at Anyo

1. Konsepto at Perspektibo
2. Anyo ng Globalisasyon
3. Pagharap sa Hamon ng Globalisasyon



UNANG PAGSUBOK

Bilang panimula, subukin mong sagutan ang paunang pagsusulit na matutunghayan mo sa bahaging ito. Alamin natin ang lawak ng iyong kaalaman hinggil sa mga paksang ating tatalakayin.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag sa bawat bilang. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot bago ang bilang.

HANAY A

1. Isang uri ng *subcontracting* kung saan ang *subcontractor* ay walang sapat na puhunan upang gawin ang trabaho o serbisyo at ang pinasok nyang manggagawa ay may direktang kinalaman sa mga gawain ng kompanya.
2. Tumutukoy sa dami o bilang ng nandayuhang pumapasok sa isang bansa sa isang takdang panahon na kadalasan ay kada taon.
3. Ito ay bilang ng nandayuhan na naninirahan o nananatili sa bansang nilipatan.
4. Sektor ng *process outsourcing* na may mataas na bilang ng empleyado.
5. Uri ng outsourcing na nakatuon sa gawaing nangangailangan ng mataas na antas ng kaalamang teknikal tulad ng pananaliksik, pagsusuri ng impormasyon at serbisyong legal.
6. Tumutukoy ito sa pagkuha ng serbisyo mula sa ibang kompanya sa kalapit na bansa.
7. Pagkuha ng serbisyo sa isang kompanya ay mula din sa loob ng bansa nito.
8. Pagkuha ng iisang kompanya ng serbisyo mula sa isang kompanya na may kaukulang bayad.

HANAY B

- A. Flow
- B. Stock
- C. Serbisyo
- D. In Shoring
- E. Fair Trade
- F. Onshoring
- G. Offshoring
- H. Near Shoring
- I. Globalisasyon
- J. Irregular Migrants
- K. Labor only contracting
- L. Guarded Globalisasyon

- | | |
|--|----------------------------------|
| 9. Serbisyong kinukuha ng isang kompanya ay mula sa ibang bansa na naniningil ng mas mababang bayad. | M. Multinational Companies |
| 10. Pangyayaring sinasabing lubusang nagpabago sa pamumuhay ng tao sa kasulukuyan | N. Transnational Companies |
| 11. Namumuhunang kompanya sa ibang bansa ngunit ang mga produkto at serbisyong ipinagbili ay hindi nakabatay sa pangangailang lokal. | O. Knowledge process Outsourcing |
| 12. Pakikialam ng pamahalaan sa kalakalang panlabas at pagbibigay proteksyon sa mga lokal na namumuhunan upang makasabay sa pandaigdigang kompetisyon. | P. Outsourcing |
| 13. Higit na moral at patas na sistemang pang-ekonomiya sa daigdig. | |
| 14. Ang mga kompanya o negosyong nagtatatag ng pasilidad sa ibang bansa at ang mga produkto at serbisyong ipinagbibili ay nakabatay sa pangangailangang lokal. | |
| 15. Mga manggagawa na hindi dokumentado, walang permiso para magtrabaho at over staying sa bansang pinuntahan. | |



BALIK-TANAW

Sa nakaraang aralin, tinalakay natin ang kahalagahan ng kahandaan sa panahon ng kalamidad. Subukan nating alamin kung natatandaan pa ninyo ang mga bagay na natutunan ninyo mula roon Halina at subukan natin.



Panuto: Gamit ang chart sa ibaba, umisip ng isang kalamidad na madalas na nararanasan ng ating bansa at magbigay ng mungkahi kung ano ang mainam at tamang gawin **BA**go dumating ang kalamidad, **HA**bang may kalamidad at **PA**gkatapos ng kalamidad. Isaalang- alang ninyo ang lugar na inyong kinaroroonan o kinalalagyan ng inyong tahanan. Maaring sumangguni sa inyong mga magulang at iba pang kasama sa bahay bilang paghahanda na rin ng inyong pamilya sa panahon ng kalamidad.

Mga dapat gawin sa panahon ng kalamidad

(Halimbawa ng kalamidad)

Bago

Habang

Pagkatapos



PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Marami sa atin, kung di man lahat, ay may mga *facebook accounts*. Marami rin ang natuwa sa paggawa ng TikTok sa panahon ng quarantine. Nahuhumaling din tayo sa panood ng mga *Korean Novelas*, nasarapan sa *sushi*, *samgyupsal*, *shawarma*, *milk tea* at iba.

Paano ba natin nalaman ang mga bagay na ito? Paano ito nakaimpluwensya sa atin? Ano ang naging epekto nito sa ating pamumuhay?

Ang mga ito ay dulot ng globalisasyon. Ano nga ba ang globalisasyon? Ang **Globalisasyon** ay tumutukoy sa mas malawak at patuloy na lumalawak na pagkakaugnay-ugnay ng mga bansa sa buong daigdig. Ito ang naging daan sa mabilis na pagkalat o pagdaloy ng mga produkto, teknolohiya, impormasyon, trabaho at maging ng tao sa iba't ibang mga bansa at nagpabago sa kanilang mga kultura. Makikita dito ang isang mekanismo na nagpabilis sa ugnayan ng tao sa isa't isa. Sinasabing ang globalisasyon ang dahilan ng patuloy na pagliit ng mundo sa aspeto ng pangangalakal, komunikasyon at iba pa. Ang mundo ay patuloy na lumiliit dahil mas nagiging madali para sa iba't ibang mga bansa na magpalitan ng mga produkto, teknolohiya, impormasyon at trabaho sa iba't ibang mga bansa at kultura.

Maituturing din ang globalisasyon bilang isang sistema ng pagsasanibat pag-uugnayan sa pagitan ng mga tao, bansa, kompanya at mga samahang pandaigdigan. Ang integrasyon at interaksyong ito ay higit pang pinabilis ng kalakalang panlabas at pamumuhunan sa pamamagitan na rin ng impormasyon at teknolohiya.


Nagbigay daan ito ng malawakang epekto di lamang sa larangan ng ekonomiya kundi maging sa politika at sosyo-kultural na aspeto ng mga bansa. Tumaas ang antas ng pamumuhay ng mga mahihirap na bansa dahil sa mga oportunidad na nagbukas sa kanila, tulad na lamang ng trabaho, teknolohiya at pangangalakal. Naging madali rin ang pagkuha ng kaalaman at impormasyon dulot ng modernong teknolohiya. Subalit sa kabilang banda, maaari rin naman na maging daan ito upang maging mas mura ang halaga ng lakas paggawa dahil madali ng kumuha ng mas murang manggagawa mula sa mahihirap na bansa.

Masasabi rin na ang globalisasyon ay isinasakatuparan upang isulong ang pandaigdigang kalakalan o *international trade* sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga hangganan ng mga bansa at pagiging mas maluwag sa patakarang pang-kalakalan.

Kasaysayang Pangkaligiran ng Globalisasyon

Saan ba nagsimula ang konsepto ng globalisasyon?

Isa sa pinaniniwalaang naging instrumento sa pag-usbong ng globalisasyon ay ang pananakop ni Alexander the Great. Sa matagumpay niyang paglalakbay at pananakop, nakarating ang kultura ng sinaunang Gresya sa Timog Kanlurang Asya, Hilagang Africa at Kanlurang Europa na nagbigay daan sa pagkakabuo ng pinagsamang kultura ng kanluran at silangan na tinawag na Kulturang Hellenistiko.



Mga Aspekto ng Globalisasyon

1. **Komunikasyon**- Ang globalisasyong kultural ay higit na napadali o napabilis sanhi ng modernong komunikasyon. Dahil sa makabagong teknolohiya, madali nang lumalaganap ang mga impormasyon sa pamamagitan ng internet.
2. **Paglalakbay**- Ang madaliang paglalakbay sa iba't ibang panig ng daigdig ay nakatulong sa pagbilis ng globalisasyon.
3. **Kultura**- Nakaimpluwensya ang mga paniniwala, gawain at tradisyon ng mga bansa sa iba't ibang dako ng daigdig sa mga tao sa iba pang mga bansa.
4. **Ekonomiya**- Ang ekonomiya ang isa sa naging pangunahing sentro ng globalisasyon. Sa nagdaang siglo, uminog ito sa palitan o kalakalan ng mga produkto at serbisyo sa pagitan ng mga bansa. Kapansin-pansin ang pagusbong ng mga naglalahang kompanya o korporasyon na kung saan ang kanilang operasyon ay nakatuon di lamang sa bansang pinagmulan kundi pati na rin sa iba pang mga bansa.
5. **Politika**- Ika-24 ng Oktubre taong 1945 nang mabuo ang United Nations. Naging daan ito ng pagsasaayos ng mga suliraning teritoryal ng mga bansa at naiwasan na rin ang pagkakaroon ng panibagong digmaan.



GAWAIN



Naunawaan mo na ba ang mga konseptong nakapaloob sa Globalisasyon?

Nauunawaan mo na rin ba kung paano nito binago ang ating mga *perennial institutions* at maging ang ating pamumuhay?

Subukang paghambingin ang inyong henerasyon sa nagdaang henerasyon gamit ang talahanayan sa ibaba. Ikumpara ang mga pagbabagong naganap at nakita sa mga perennial institutions sa ating lipunan sanhi ng globalisasyon. Makaya mo kaya? Halina at subukan natin.

NOON Nagdaang Panahon	VS	OMG On My Generation
_____	Pamilyang Pilipino	_____
_____	Simbahan	_____
_____	Pamahalaan	_____
_____	Paaralan	_____
_____	Kultura	_____



TANDAAN





Ang **Globalisasyon** ay isang proseso ng interaksyon at integrasyon ng mga tao, kompanya at pamahalaan ng iba't ibang bansa o estado. Ito ay prosesong udyok ng pandaigdigang kalakalan at pamumuhunan sa tulong ng kaalamang pangteknolohiya. Bagamat mayroon pa ring mga balakid, unti-unting nagkakaroon ng malayang palitan ng kaalaman, mga tao, puhunan o kapital, produkto, serbisyo at iba pa. Ipinalalagay na ang globalisasyon ay nagsimula noong ika-11 siglo sa Asya, partikular na sa China. Hindi man sinasadya, ito ay naipagpatuloy noong panahon ng pagtuklas ng mga Europeo noong ika-16 na siglo. Ang pang-ekonomiya, pampulitika at sosyo-kultural na pinagmulan ng globalisasyon ay maiuugnay rin sa mga pangyayaring ito.



PAG-ALAM SA NATUTUHAN

PHASE TO FACE

PANUTO: Batay sa aralin na ito, isulat ang inyong mga naging pagsusuri sa paksang tinalakay. Gamitin ang iba't ibang yugto ng pagkatuto at gawin ito ng buong husay nang may katapatan sa iyong sarili.

PHASE ONE	PHASE TWO
 <p data-bbox="458 1413 699 1440">AKO'Y NALILITO.</p>	 <p data-bbox="1043 1406 1362 1433">AKO'Y NAGSISIKAP.</p>
PHASE THREE	PHASE FOUR
 <p data-bbox="405 1787 751 1814">AKO'Y NAKAUUNAWA.</p>	 <p data-bbox="1070 1798 1378 1825">AKO'Y DALUBHASA</p>



I. Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pahayag at piliin ang pinakawastong sagot. Letra lamang ang isusulat.

1. Ano ang globalisasyon?
 - A. Proseso ng pagdaloy o paggalaw ng mga tao, bagay, impormasyon at produkto sa iba't ibang direksiyon na nararanasan sa buong daigdig.
 - B. Malawakang pagbabago sa sistema ng pamamahala sa buong mundo.
 - C. Pagbabago sa ekonomiya at politika na may malaking epekto sa sistema ng pamumuhay ng mga mamamayan sa buong mundo.
 - D. Mabilis na paggalaw ng mga tao tungo sa pagbabagong politikal at ekonomikal ng mga bansa sa mundo.

2. Ano ang pangyayaring lubusang nakapagpabago sa buhay ng tao sa kasalukuyan?
 - A. Paggawa
 - B. Ekonomiya
 - C. Migrasyon
 - D. Globalisasyon

3. Maaaring suriin ang globalisasyon sa iba't ibang anyo nito maliban sa isa.
 - A. Ekonomikal
 - B. Teknolohikal
 - C. Sosyo-kultural
 - D. Sikolohikal

4. Bakit maituturing na panlipunang isyu ang globalisasyon?
 - A. Tuwiran nitong binago, binabago at hinahamon ang pamumuhay at mga "perennial" na institusyon na matagal ng naitatag.
 - B. Patuloy na pagbabago sa kalakarang pamumuhay ng mga mamamayan.
 - C. Nagdudulot ng masamang epekto sa panlipunan, ekonomikal at politikal na aspekto.
 - D. Naaapektuhan nito ang mga maliliit na industriya at mas higit na pinaunlad ang mga malalaking industriya.

5. Paano nakapagpapabilis sa integrasyon ng mga bansa ang globalisasyon?
 - A. Makikita sa globalisasyon ang mabilis na ugnayan ng mga bansa.
 - B. Dahil sa globalisasyon mabilis na tumutugon ang mga bansa na magdudulot ng kapinsalaan.
 - C. Dahil sa globalisasyon nagkakaroon ng mabilis na palitan ng impormasyon at kolaborasyon ng mga bansa.
 - D. Makikita sa globalisasyon ang paghiwa-hiwalay ng mga bansa sa daigdig.

6. Ang pag-usbong ng Estados Unidos bilang global power matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig ay isa sa mga pangyayari na sinasabing may tuwirang kinalaman sa pag-usbong ng globalisasyon. Alin sa mga sumusunod na kaganapan ang di kabilang sa pagiging super power ng Estados Unidos?
 - A. Ipinakita ng US sa daigdig ang kanyang lakas-militar ng talunin nito ang Japan at Germany sa ikalawang Digmaang Pandaigdig.
 - B. Naungusan ang France at Great Britain sa usaping pang-ekonomiya.
 - C. Pinabagsak ng mga terorista ang Twin Tower sa New York.
 - D. Pagsakop sa mga Asyanong bansang Korea (1950) at Vietnam (1960-70).

7. Konseptong nagpapaliwanag sa pakikialam ng pamahalaan sa kalakalang panlabas at pagbibigay proteksyon sa mga lokal na namumuhunan upang makasabay sa pandaigdigang kompetisyon.
- A. Guarded Globalization
B. Aggressive Marketing
C. Free Trade Policy
D. Control Economy
8. Sa kasalukuyan, mababanaag ang globalisasyon sa Pilipinas bunga ng paglago ng Business Process Outsourcing o BPO. Ano ang pangunahing dahilan nito?
- A. Mas maganda at kaaya-ayang kapaligiran ng mga manggagawa.
B. Mas mataas na pasahod sa mga manggagawang naglilingkod dito.
C. Maraming Pilipino ay mahusay sa paggamit ng ingles.
D. Mas tinatangkilik ng mas nakararaming Pilipino.
9. Ayon sa artikulong pinamagatang Top Filipino firms building Asean empires ng Philippine Daily Inquirer na nailathala noong Pebrero 9, 2017, ilan sa mga MNC's at TNC's sa Vietnam, Thailand at Malaysia ay pag-aari ng mga Pilipino tulad ng Jollibee, URC, Unilab, International Container Terminal Services Inc. at San Miguel Corporation. Ano ang mahihinuha dito?
- A. Tumataas ang kalidad ng produkto at kasanayan ng manggagawang Pilipino kung kaya't tinatangkilik sa pandaigdigang merkado.
B. Ipinapakita nito na kayang makipagsabayan ang mga lokal na namumuhunan kung mabibigyan lang ng tamang pagkakataon.
C. Masiglang nakikibahagi ang mga namumuhunang Pilipino sa mga hamong dala ng globalisasyon.
D. Lahat ng nabanggit
10. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** kabilang sa naging instrumento ng pagusbong ng globalisasyon?
- A. Pagbubukas ng Suez Canal
B. Pagkakaroon ng Kalakalang Galyon
C. Pagsisimula ng Rebolusyong Inustriyal
D. Pagbagsak ng ekonomiya ng Pilipinas
11. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa kung paanong ang globalisasyon ay tuwirang binago, binabago at hinahamon ang pamumuhay at ang mga perrenials na institusyon sa lipunan?
- A. Pagpapanatili ng mga tradisyon at kaugalian tulad ng pagdalaw sa mga puntod ng mga yumao tuwing Todos Los Santos.
B. Pagtangkilik at pagpapalaganap ng mga musikang indigenous o katutubo sa ating bansa.
C. Paghalik sa pisngi ng mga nakatatanda bilang pagrespeto at paggalang sa halip ng nakagawiang pagmamano.
D. Pagpapalaganap ng mga tradisyon na paraan ng pagluluto ng pagkain sa halip na pagkain ng mga *instant foods*.

II. Piliin ang HINDI kabilang sa pangkat.

12. Mahahalagang pangyayari na sinasabing may tuwirang kinalaman sa globalisasyon
- A. Paglitaw ng mga multinational at transnational corporation
B. Pagbagsak ng Soviet Union at ang pagtatapos ng Cold War
C. Pagkilala sa Inglatera bilang Reyna ng Karagatan
D. Pagusbong ng Estados Unidos bilang global power matapos ang WWII

13. Kabutihang dulot ng teknolohiya
 - A. Pagpapabuti ng pamumuhay ng mga mamamayan.
 - B. Mabilis na nakahihingi ng tulong sa panahon ng pangangailangan tulad ng kalamidad.
 - C. Mabilis na paraan upang iparating ang galit sa mga nakakaaway.
 - D. Mabilis na transaksyon sa pagitan ng mga tao.

14. Matatandang institusyon o tinatawag din bilang Perennial Institutions.
 - A. Pamilya B. Simbahan C. Demokrasya D. Paaralan

15. Mga salik na nagpapamalas ng globalisasyon bilang prose so ng integrasyon at interaksyon sa buong mundo.
 - A. Iba't ibang samahang pandaigdig
 - B. Mga Transnational at Multinational Companies
 - C. Pagdami ng mga nagtataasang gusali
 - D. Pagtaas ng bilang ng mga OFW

Sanggunian

Belinda Marjorie Lopez Pelayo, Globalisasyon: Konsepto at Perspektibo
DepEd Module

Eleanor D. Antonio, KAYAMANAN: Mga Kontemporaryong Isyu (856 Nicanor Reyes, Sr. St.: REX Book Store, May 2017), 93 – 117pp.

SUSI SA PAGWAWASTO

Unang Pagsubok

1)K, 2)A, 3)B, 4)C, 5)O, 6)H, 7)F, 8)P, 9)G, 10)I, 11)M, 12)L, 13)E, 14)N, 15)J

Pagsusuli

1)A, 2)D, 3)D, 4)A, 5)C, 6)C, 7)A, 8)C, 9)D, 10)D, 11)C, 12)C, 13)C, 14)C, 15)C